# Ukol sa Imperyalismo sa Klima

***On Climate Imperialism***

Jose Maria Sison

Salin ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), 2024



**Ukol sa Imperyalismo sa Klima**
***On Climate Imperialism***
Jose Maria Sison
Salin ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), 2024

*Noong 2021, nag-organisa ng isang talakayan ang mga kabataang aktibista na nakabase sa Europa kay Ka Joma Sison ukol sa krisis sa klima. Mula sa mga sagot ni Ka Joma rito, nakapaglabas ang mga organisador ng talakayang ito ng isang artikulong pinamagatang "On Climate Imperialism".*

*Sinalin ng mga miyembro ng Liga ng Agham para sa Bayan ang artikulong ito sa kabuuan nito. Nagdagdag din ang mga miyembro ng LAB ng kaunting konteksto, paglilinaw, at impormasyon sa ilang bahagi ng mga sagot ni Ka Joma rito.*

---

*Ang COP26 o ang United Nations Framework Conference on Climate Change 26 ay nagsimula sa Italya ngayong buwan (Oktubre 2021) at matatapos sa Edinburgh, Scotland mula sa huling bahagi ng Oktubre hanggang unang bahagi ng Nobyembre. Sa gayon, ikinatutuwa namin ang pagkakaroon nitong ND Online Special ukol sa krisis sa klima. Para simulan ito:*

**1. Naisip ba nila Marx at Engels na ang mabilis na industriyalisasyon ay dudulo sa isang krisis sa klima? Ano ang masasabi nila sa relasyon sa pagitan ng tao at kalikasan? Ano ang pwede naming basahin tungkol dito?**

JMS: Sa panahon ni Marx at Engels noong ika-19 na siglo, sa yugto ng malayang kompetisyon ng kapitalismo, hindi pa umaabot ang industriyalisasyon sa antas na nagdudulot ito ng malawakang pagwasak sa kalikasan o sa *ozone layer;* at maging ng malubhang pagbabagong-klima at pagbabanta sa tuloy-tuloy na pag-iral ng tao sa ating mundo. Pero nakita nila ang pangangailangan na maunawaan ng tao ang mga batas ng kalikasan, ang tamang paggamit ng kalikasan at ang pagkaroon ng maayos na relasyon sa kalikasan. Sa pag-unlad lang ng kapitalismo tungo sa yugto ng monopolyo na magagamit ng uring monopolyo kapitalista ang agham at teknolohiya para dambungin, parumihin, at wasakin ang kapaligiran hanggang sa puntong maaring mapuksa ang sangkatauhan. Ngayon, kaharap natin ang problema ng malaking kantidad ng binugang *carbon dioxide* na nagdudulot ng pag-init ng mundo.

Palapit na ang sangkatauhan sa punto na hindi na mababawi o maibabalik ang pagkawasak ng kalikasan. Nababahala ang mga siyentista, mga aktibista, at ang malawak na hanay ng mamamayan sa pag-init ng temperatura ng mga dagat, pagkaroon ng madalas at malawak na *forest fire* o pagkasunog ng gubat, pagtunaw ng mga *iceberg* o yelo, at pagtaas ng lebel ng dagat.

Mula noong pagkatatag pa lamang ng teorya ng Marxismo, kinikilala na ng materyalismong diyalektikal ang tao bilang bahagi ng kalikasan at ang tao at kalikasan, bilang naibubukod na penomena, ay may relasyon sa isa't isa. Sa akda niyang *Dialectics of Nature*, sinubukang ugnayin ni Frederick Engels ang mga siyensiya pangkalikasan sa mga siyensiyang panlipunan. Sinubaybayan niya ang mga pag-unlad sa antropolohiya, pareho sa nabanggit na libro at sa *Origin of the Family, Private Property, and the State*.

Pinakita rin niya na hinubog o pina-unlad ng tao ang sarili niya sa pamamagitan ng paggawa; at ang katangian ng relasyong diyalektikal sa pagitan ng tao at kalikasan -- ang pagkakaisa (dahil ang tao ay bahagi ng kalikasan) at pakikitunggali nito sa isa't isa. Binanggit niya sa *The Part Played by Labor in the Transition from Ape to Man* ang batayang posisyon ng Marxismo: Ang paggawa ay ang pinagmumulan ng lahat ng kayamanan , ayon sa mga ekonomistang pampulitika; at wasto ito, na ang paggawa *kasama ang kalikasan*, na siyang nagbibigay sa paggawa ng materyal na itinatransporma sa kayamanan, ang pinagmumulan ng kayamanan.[1]

Sa akda niyang *Critique of the Gotha Program*, sinabi ni Marx: Hindi lang paggawa ang pinagmumulan ng lahat ng kayamanan. Ang kalikasan ay pinagmumulan rin ng mga halaga-sa-gamit (na bumubuo sa kayamanang materyal!). Katulad ng paggawa, na mismong manipestasyon lang rin ng isang pwersa ng kalikasan, ang lakas-paggawa ng tao. Sapagka't kumikilos ang tao bilang isang may-ari ng kalikasan — ang pangunahing pinagmumulan ng lahat ng mga kagamitan at pakay ng paggawa — at tinatrato niyang ari-arian ang kalikasan, dito nagiging pinagmumulan ng halaga-sa-gamit din ang paggawa, at samakatuwid kayamanan din. Sa produksyon, tumatayong ina ang kalikasan at tumatayong ama naman ang paggawa.[2]

**2. Paano pinapalala ng monopolyo kapitalismo ang pandarambong sa ating kapaligiran? Ano ang direktang dayuhang pamumuhunan, at makakapagbigay ka ba ng mga kongkretong halimbawa sa Pilipinas? Bakit apektado ng imperyalismo sa klima ang mga malakolonyal at malapyudal na lipunan kagaya ng Pilipinas?**

JMS: Ang dayuhang monopolyo kapitalismo ang pangunahing dahilan (ugat) sa pandarambong at pagkawasak ng ating kalikasan. Ginagamit niya ang direktang pamumuhunan para makakuha ng mga yaman sa Pilipinas, at para samantalahin ang likas na rekurso at lakas-paggawa ng bansa. Gumagamit din ito ng mga utang para palaganapin ang pagkabansot ng bansa at mataas na kita para sa mga dayuhang namumuhunan. Pinipilit nito sa atin ang paggamit ng mga *fossil fuel* sa ating mga bahay, sa

1 Sa Ingles, "Labor is the source of all wealth, the political economists assert. And it really is the source — next to nature, which supplies [labor] with the material that [labor] converts to wealth."

2 Dagdag rito, marami ring sinulat si Marx sa *Capital* ukol sa relasyon ng tao/lipunan sa kalikasan. Ani Marx, "Tinitipon ng kapitalistang produksyon ang populasyon sa mga malalaking sentro, at sa ganitong paraan, lumalaki ang proporsyon ng populasyon sa mga siyudad. Dalawa ang resulta nito. Sa isang banda, nagiging konsentrado ang istorikal na motibong pwersa *(historical motive force)* ng lipunan; sa kabilang banda, ginagambala nito ang interaksyong metaboliko *(metabolic interaction)* sa pagitan ng tao at kalikasan. Hinahadlangan nito ang panunumbalik ng mga kasangkapan ng lupa sa lupa na ginagamit ng tao sa porma ng pagkain at damit; samakatuwid, hinahadlangan nito ang operasyon ng walang-katapusang likas na kondisyon (*eternal natural condition)* para sa pangmatagalang taba ng lupa. ... Samakatuwid, pinapaunlad lamang ng kapitalistang produksyon ang pamamaraan at antas ng kombinasyon *(degree of combination)* ng panlipunang proseso ng produksyon habang sinisira *(undermine)* ang orihinal na pinagmumulan ng lahat ng kayamanan — ang lupa at ang manggagawa." (*Capital*, Tomo I); "Pinapaliit ng malaking lupang ari-arian ang populasyong agrikultural sa lumiliit na minimum, habang tuloy-tuloy na lumalaki ang populasyong industriyal sa mga malalaking siyudad; sa ganitong paraan, nililikha nito ang mga kondisyon para sa hindi-maaayos na paghihiwalay *(irreparable rift)* sa naguugnayang proseso ng panlipunang metabolismo *(interdependent process of social metabolism),* isang metabolismong itinatakda ng batas ng kalikasan *(natural laws of life)* mismo." (*Capital*, Tomo III)

transportasyon, at sa mga opisina at pagawaan. Nagresulta ito sa pagbuga ng malaking kantidad ng *carbon dioxide,* na nakakasira sa ating mga baga[3] at nakakaambag sa pagkasira ng *ozone layer,*[4] pagpapalala sa *radiation* at pag-init ng mundo.

Dahil sa dayuhang monopolyo kapitalismo, nakasadlak ang Pilipinas sa pagpapalitaw ng murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa kapalit ng importadong manupaktura. Kumakamal ang monopolyo kapitalismo ng supertubo sa pamamagitan ng pagkakalbo ng ating mga kagubatan para sa kahoy, paggamit ng *open pit mining* para sa iba't ibang klase ng minerales, at pagpapalawak ng mga plantasyong *monocrop, lahat ng ito ay* para sa pang-eksport na hilaw na kalakal. Nilalason ng mga kemikal na ginagamit sa mga minahan at plantasyon ang mga ilog at bukid na pinagmumula ng pagkain ng mga mamamayan.

Ginamit din ng imperyalismong Estados Unidos ang Pilipinas sa kanilang paglunsad ng gera laban sa mga kalaban nito sa Asya. Apektado rin ang Pilipinas sa mga *super-typhoon* na dinidirekta nito laban sa Democratic People's Republic of Korea.[5] Mayroon nang malalaking pagbabago sa klima mula sa mga *super-typhoon*, sa mga baha, hanggang sa mga tagtuyot. Pinapabilis ng pag-init ng karagatan ang mga malalakas na bagyo, kung saan pinapalala ng pagkaubos ng mga gubat ang mga epekto nito. Dumadami na rin ang kaso ng pagguho ng lupa.

**3. Madalas makaranas ang Pilipinas ng mga natural na kalamidad. Ano ang ginagawa ng mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa laban sa lumalalang krisis sa klima? Paano nakakatulong ang mga pwersang ito kapag natatamaan ng sakuna ang bansa? Paano naapektuhan ng mga kalamidad na ito ang mga prinsipyo at ideolohiya ng mga rebolusyonaryo at aktibistang ito?**

JMS: Totoo nga na madalas makaranas ang Pilipinas ng mga natural na kalamidad. Higit-kumulang 25 na bagyo, na may iba't ibang antas ng lakas, ang humahagupit sa Pilipinas kada taon dahil ginawang *super-highway* ng pag-init ng mundo ang Pacific Ocean para sa mga bagyong ito.

Tungkulin ng mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa ng Pilipinas na magmulat, mag-organisa, at magpakilos ng mamamayan laban sa pagtambak ng *fossil fuel* (langis, *gas*, at karbon) sa Pilipinas ng mga dayuhang kumpanya, at manawagan para sa mas mabilis na pagpapalaganap ng mga makakalikasang teknolohiya sa paglikha ng enerhiya, kagaya ng *solar* (mula sa sikat ng araw), *wind* (mula sa hangin), *hydrogen* (na maaring kunin mula sa tubig) at *tidal power* (mula sa alon).

---

3 Ang *carbon dioxide* ay bahagi ng mga likas na proseso ng kalikasan, at mahalagang bahagi ng paghinga ng halaman, hayop, at tao. Hindi nakakalason sa tao ang *carbon dioxide* mismo; pero sa pagsunog ng *fossil fuel*, kasabay ng paglikha ng *carbon dioxide*, maraming *by-product* ito na maaring mapaminsala sa kalusugan ng tao.

4 Ang *ozone* ay isang *gas* na mahahanap sa himpapawid, na nagbibigay-proteksyon sa mga buhay na organismo sa ating mundo mula sa masamang *radiation* mula sa kalawakan. Ayon sa isang pag-aaral ng mga siyentista sa National Aeronautics and Space Administration (NASA) ng Estados Unidos noong 2001, sa kabuuan ay maaring *binabagalan* ng mataas na konsentrasyon ng *carbon dioxide* sa himpapawid ang pagkawala ng *ozone*. Sa 2008, pinakita naman ng ilang siyentista na maaring pinapalala ng pagsirit ng konsentrasyon ng *carbon dioxide* ang pagkawala ng *ozone* sa rehiyong tropiko. Sa isa namang pag-aaral noong 2019, sa paraan ng *modeling* ay natuklasan ng mga siyentista na kung may malaking pagtaas ng konsentrasyon ng *carbon dioxide*, maaring mabawasan ang *ozone* sa rehiyong tropiko habang mapaparami ang *ozone* sa iba pang rehiyon ng mundo.

5 Bagamat wala pang malakas na ebidensya na may kapangyarihan na ang Estados Unidos na kusang maglikha ng mga bagyo bilang sandata laban sa mamamayan ng mundo, sinubukan ng Estados Unidos noong panahon ng Vietnam War na palakasin ang buhos ng ulan sa Hilagang Byetnam sa ilalim ng Operation Popeye. Ginamit nila ang *cloud seeding* (pagkalat ng kemikal sa himpapawid na nakakatulong sa pagbuo ng mga ulap) sa kanilang layunin na magdulot ng pinsala sa hanay ng mga Komunistang gerilya.

Kapag natatamaan ng sakuna ang bansa, tungkulin ng mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa ng Pilipinas na maglunsad ng mga kampanya para makapagbigay ng agarang tulong sa mga apektadong mamamayan, at manawagan para sa pagpapatigil ng mga polisiya at gawi na sanhi ng mga sakunang ito, at ang kabiguan ng reaksyunaryong pamahalaan sa paglilingkod sa mamamayan.

Tumatalima sa prinsipyo at ideolohiya ng ligal na pambansa-demokratikong kilusan at ng demokratikong rebolusyong bayan ang pakikibaka laban sa mga polisiya at gawi ng dayuhang monopolyo kapitalismo at ng reaksyunaryong pamahalaang nasa likod ng pandarambong at pagwasak ng kapaligiran at tumatayong sanhi ng mga sakuna. Ang pagprotekta, pangangalaga, at matalinong paggamit ng likas na rekurso ay umaayon sa anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka, at maging sa rebolusyonarying pakikibaka ng mga inaapi at pinagsasamantalang uri.

**4. Maari bang umiral ng sabay ang pag-unlad ng teknolohiya at pagprotekta sa kalikasan, o humahantong lang ba ang ating modernong lipunan sa pagkamatay ng kalikasan, kagaya ng nakikita natin palagi sa mga pelikula at libro?**

JMS: Ang agham at teknolohiya ay maaring gamitin ng mamamayan para sa kanilang mga pangangailangan habang pinauunlad at pinoprotektahan ang kalikasan, kumpara sa monopolyo burgesya na ginagamit ang agham at teknolohiya para dambungin at wasakin ang kalikasan sa iisang layunin nilang magkamal ng supertubo habang iniiwasan ang gastos sa pangangalaga at pagpapanumbalik ng mga natural na rekurso.

Sadyang ginagamit ng mga monopolyo kapitalista hindi lamang ang mga pelikula at libro, kundi ang iba pang mga daluyan ng impormasyon at edukasyon para palaganapin ang ideya na walang magagawa ang mamamayan; at ang kasinungalingan na imposible, hindi sustenable, o mapangwasak-sa-sarili ang kaunlarang pang-ekonomya sa kamay ng mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa ng *Global South*[6], at hindi sa kamay ng mga imperyalistang kumpanya at bangko na di-umanong may teknolohiya at rekursong pinansyal para ayusin ang problema ng pagdausdos ng at danyos sa kapaligiran na sila mismo ang salarin.

**5. Ipinagdiriwang ang buwan ng Oktubre bilang Buwan ng mga Magsasaka — paano naapektuhan ng pagbabagong-klima ang kabuhayan ng mga magsasaka at mamamayang katutubo ng mundo, maging sa Pilipinas? Maari bang talakayin mo ang pagmimina, *quarrying*, at dam? Nangangako ang mga ito ng kaunlaran, pero ano ang kanilang epekto sa mga komunidad ng mga magsasaka?**

JMS: May masamang epekto ang pagbabagong-klima sa kabuhayan ng mga magsasaka at katutubo ng mundo, maging sa Pilipinas, dahil nakakasira ng pananim ang mga biglaang pagbabago mula sa isang malalang sitwasyon sa klima tungo sa isa pa. Nagsisilbing balakid din ang mga biglaang pagbabago na ito sa mga agarang hakbang para sagipin ang mga pananim. Kayang wasakin ng malakas na bagyo, baha, o tagtuyot ang mga tanim at, dahil dito, hindi natatamasa ng mga komunidad ng mga pesante ang bunga ng kanilang paggawa.

Sinisira ng mga [malaking] minahan at *quarrying* ang mayayamang kagubatan na tumatayong proteksyon at pinagmumulan ng sustansya ng mga sakahan at pananim ng mga komunidad. Dahil sa mga proyektong ito, natutuyo ang mga sapa o kaya'y nagbabago ang ruta ng mga ito palayo sa mga sakahan. Nagiging sanhi rin sila ng pagguho ng lupa. Gumagamit rin ang mga minahan ng mga

---

6 *Global South:* mga mamamayan ng mundo mula sa mga kolonya at semi-kolonya.

kemikal na nakakalason sa mga sapa. Nagiging sanhi ang paggamit ng pampasabog ng mas madalas na pagyanig ng lupa o *earthquake*. Dahil dito, maraming mga komunidad ng mga magsasaka ay nauubusan ng tubig para sa kanilang mga sakahan at pang-araw-araw na pangangailangan. Hindi rin sila binibigyan ng maayos na programang *resettlement* o paglipat dahil sa korapsyon sa gobyerno.

**6. Ang Pilipinas ay isang bansang arkipelago. Mayaman ang ating mga karagatan at dagat, pero bakit naghihirap ang masang namamalakaya? Bakit kinikailangan ng Pilipinas na mag-import ng isda, at maging iba pang klase ng produktong agrikultural?**

JMS: Maaring kunin ng Pilipinas ang isang katlo ng pangangailangan nito sa isda mula sa West Philippine Sea, kung hindi binenta ng rehimeng Duterte ang ating soberanya at karapatang pandagat sa Tsina, sa kabila ng *United Nations Convention on the Law of the Sea* at ang desisyong pabor sa Pilipinas ng *Permanent Arbitration Court* sa The Hague noong 2016. Tuloy-tuloy ang pagkuha ng isda ng mga barkong Tsina sa West Philippine Sea, at hindi pinapayagan ang mga mangingisdang Pilipino na mangisda doon.

Ang solusyon ng traydor na si Duterte ay ang pagbili ng galunggong at de-latang sardinas mula sa mga Tsino sa ngalan ng neoliberalismo. Binibili natin ang isda na ninakaw mula sa atin. Dagdag pa rito, walang kwenta ang polisiya ni Duterte sa agrikultura. Binababa niya ang presyo ng palay sa ilalim ng *National Food Authority* para patayin ang ating mga magsasaka, habang nag-aangkat ng bigas mula sa ibang bansa. Nakinabang dito si Duterte at ang kanyang mga kroni na malalaking komprador.[7] Pero winawasak niya ang kabuhayan ng mga pesante at sinasayang ang rekursong *foreign exchange* ng Pilipinas. Kabaliwan na isa na ang Pilipinas, isang bansang agrikultural, sa mga pinakamalaking *importer* ng bigas sa mundo.

**7. Pinapakita ng mamamayang katutubo na maaring umiral na hindi winawasak ang kalikasan, paano nagkakaiba ang kanilang praktika at kaugalian sa atin? Ano ang maari nating matutunan mula sa kanila?**

JMS: Tahanan ng mga katutubo ang mga burol at bundok sa kanayunan ng mundo. Sa usapin ng uri, mga pesante sila. Nabubuhay sila sa paraan ng pinagsamang agrikultura at pangongolekta ng prutas, pangangaso at pangingisda sa mga sapa. May matututunan tayo sa kanila mula sa pamumuhay nila gamit ang mababang antas ng teknolohiya, at matutulungan rin natin sila sa pagkamit ng tulong pang-ekonomya at teknikal, pati na rin ang mga serbisyong panlipunan. Maari rin natin silang tulungan o sumali sa kanilang pagdepensa sa kapaligiran laban sa panghihimasok ng mga kumpanya sa pagtotroso, pagmimina, at plantasyon.

**8. Sinasabi na ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay *Green Army* rin, dahil pinoprotektahan nila ang kalikasan. Sa anong paraan maari nilang respetuhin at protektahan ang kagubatan ng bansa habang tumatayo ang mga ito bilang tahanan nila?**

JMS: Nirerespeto at pinoprotektahan ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang kagubatan ng bansa dahil ito ay tumatayong tahanan nila, at maging balwarte ng pakikidigmang gerilya, pagsasanay pulitiko-militar, pakikipagtulungan sa mga katutubo at pinagkukuhanan ng pagkain. Nakikiisa sila sa mga katutubong komunidad at sa mga maralitang pesante sa pagpapatigil sa operasyong pagtotroso, minahan, plantasyon, at mga kumpanya sa *real estate* o turismo sa pangangamkam ng kanilang lupa at iba pang likas na rekurso.

7 Sa Ingles, “[Duterte] and his big comprador cronies make a killing in both ways.”

**9. Sa inyong pananaw, paano naaapektuhan ng pagiging rebolusyonaryo at Marxista-Leninista ang pananaw ng isang tao ukol sa krisis sa klima? Bakit mahalaga na makilahok ang mga rebolusyonaryo sa pakikibaka laban sa inhustisya sa klima?**

JMS: Bilang Marxista-Leninista at proletaryanong rebolusyonaryo, tungkulin ko na labanan ang dayuhang monopolyo kapitalismo at ang mga lokal na naghaharing-uri ng mga malalaking komprador, panginoong may-lupa at burukrata-kapitalista na nagsasanib-pwersa sa pagsasamantala at pang-aapi ng malawak na hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Ang mga katutubo at maralitang magsasakang setler ay ang mga pinakaapektado ng pangangamkam ng lupa at pagpapalayas dulot ng mga operasyong pagtotroso, minahan, plantasyon, at kumpanyang *real estate* na sumisira sa kapaligiran at pinalalala ang krisis sa klima. Ang laban para sa hustisyang pangklima ay isang pambansa at makauring pakikibaka laban sa mga dayuhang monopolyo kapitalista at ang mga lokal na naghaharing-uring nasa likod ng inhustisya sa klima.

**10. Ano ang maari nating matutunan mula sa Marxismo-Leninismo sa pagsulong ng pakikibaka laban sa krisis sa klima?**

JMS: Matututunan natin mula sa Marxismo-Leninismo ang mga batayang prinsipyo kagaya ng pagiging bahagi ng tao ng kalikasan, ang mga relasyong diyalektikal ng dalawa sa mahabang kasaysayan ng pag-unlad ng lipunan, ang pinakamasahol na atake ng monopolyo kapitalismo sa sangkatauhan at sa kalikasan at ang posibilidad sa ilalim ng sosyalismo at komunismo na magagamit ng tao ang siyensiyang pangkalikasan at panlipunan sa paggamit ng kapaligiran na hindi ito sinisira o winawasak, at bagkus mas yayabong at yayaman pa ito.

**MGA KARAGDAGANG TANONG**

**1. Paano naapektuhan ng mga malalaking dayuhang bangkang-pangisda ang kabuhayan ng mga mangingisda? Ano ang nangyayari sa South China Sea?**

JMS: Malubha ang epekto ng malalaking barko mula sa Tsina, Hapon, at iba pang bansa sa kabuhayan ng ating mga mangingisda. Sa South China Sea, inangkin na ng Tsina ang Panatag Shoal at ang iba pang bahagi ng West Philippine Sea. Ngayon, kinikailangan na nating mag-angkat mula sa Tsina ng isda na ninakaw nila mula sa atin.

**2. Tumutulong ba ang BHB sa mga *relief operation* sa panahon ng krisis? Paano sila nagpapatuloy sa kabila ng mga sakuna?**

JMS: Batayang prinsipyo at matagal na patakaran na ng BHB na tumulong sa mamamayan sa panahon ng sakuna at krisis. Bilang disiplinado at makilos na pwersa, maaring lumipat ang BHB sa mga mas ligtas na lugar kapag may *earthquake* o bagyo. Pero kailangan pa rin nilang daanan at pangibabawan ang paghihirap sa mga panahong ito, kagaya ng ordinaryong mamamayan.

**3. Matagal nang umiiral ang sistema ng kaingin. Bakit sinasabing masama para sa kalikasan ito?**

JMS: Madalas na sinisisi ng mga publisista ng mga naghaharing-uri ang sistema ng kaingin [sa pagkawasak ng kalikasan].[8] Hindi naman ito gaanong nakakapinsala kumpara sa malawakang

8 Sa Ingles, “The kaingin system is often used as a whipping dog by the publicists of the exploiting classes.”

pangangamkam at maling-paggamit ng lupa sa kamay ng mga kumpanya sa pagtotroso, pagmimina, plantasyon, at *real estate*. Matagal nang ginagamit ng mga pesante ang sistema ng kaingin para sa kanilang kabuhayan.

Una, karaniwang ginagawa ang kaingin sa mga lugar na dati nang kinalbo. Ang mga punong pinuputol at sinusunog ay kabilang sa *secondary forest growth*[9]. Maaring tugunan ng rebolusyonaryong pwersa ang pinsala sa klima sa paraan ng pagtanim ng mga puno ng prutas at iba pang mga pananim na nagpapanatili at nagpapasigla ng taba ng lupa.

**4. Awtomatiko ba na kapag rebolusyonaryo ka, *environmentalist* o makakalikasan ka rin?**

JMS: Kung rebolusyonaryo ka, kailangan na makakalikasan ka rin. Kailangan mong makilahok o suportahin ang kampanya para sa pangangalaga at pagprotekta sa kapaligiran. Pinakamaganda, samahan mo ang mamamayan ng Pilipinas na nakikibaka, kasama ang mga katutubo, para sa lupang ninuno at para protektahan ang kapaligiran.

**5. Paano pinapalala ng gera ng agresyon ang krisis sa klima?**

JMS: Pinapalala ng gera ng agresyon ang krisis sa klima dahil gumagamit ito ng mga mapaminsalang sandata, kagaya ng Agent Orange at iba pang mga *defoliant*[10], *napalm*, bombang gumagamit ng *white phosphorus*, *cluster bomb* at iba pang bomba na mapangwasak sa kagubatan, mga kemikal na nakakalason sa mga ilog at maging ang mga hayop at insektong nagdadala ng mga sakit.

**6. Ano ang epekto ng *free market* sa imperyalismo sa klima at ang tuloy-tuloy na pagwasak ng ating kapaligiran?**

JMS: Sa ngalan ng *free market* o malayang pamilihan, dinidikta ng patakarang neoliberal ang katangian ng ekonomya ng Pilipinas bilang pinagmumulan ng murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa, at tagabili ng dayuhang manupaktura. Dahil dito, kayang dambungin ng dayuhang monopolyo kapitalismo ang likas na rekurso ng Pilipinas, wasakin ang kapaligiran at saribuhay, at palalain ang krisis sa klima. #

---

9 *Secondary forest growth:* ang muling pagtubo ng mga puno pagkatapos kalbuhin ang orihinal na kagubatan.

10 Ang Agent Orange ay isang *defoliant* (kemikal na nakakatanggal ng mga dahon mula sa mga puno) na ginamit ng imperyalistang Estados Unidos laban sa mamamayan ng Byetnam noong Vietnam War. Bukod sa malawakang pinsala sa kalikasan, nagdulot rin ng mga malubhang epekto sa kalusugan ang Agent Orange, maging sa sumunod na henerasyon ng mga Byetnames.